Ebanghelyo ayon kay Mateo 9 : 2 - 8

Dinala kay Hesus ng ilang katao ang isang paralitikong nakaratay sa kanyang higaan. Nang makita ni Hesus kung gaano kalaki ang kanilang pananalig, sinabi Niya sa paralitiko, “Anak, lakasan mo ang iyong loob! Tumindig ka, dalhin mo ang iyong higaan, at umuwi ka na.” Tumindig nga ang lalaki at umuwi. Nang makita ito ng mga tao, sila’y nagpuri sa Diyos sa ginawa ni Hesus.

Pebrero 05, 2012 : Isang kasama galing sa isang isla na Detention Center ay sumusuka ng dugo. Sakay ng helicopter, dinala siya sa Queen Elizabeth Hospital. Sa x-ray nakita na mayroong butas ang kanyang tiyan. Ginagamot siya sa nasabing ospital ng 5 araw ngunit kaunting ginhawa lang ang natatamo. Hindi siya makatulog dahil sa sakit na nararamdaman sa tiyan. Pebrero 10 : Matapos tanggapin ang “Doctor Jesus” siya’y humingi ng tulong kay Hesus. Nang gabi ring iyon, siya’y nakatulog ng mahimbing, na kaunting sakit lamang ang nararamdaman. Pebrero 12 : Sabi ng doktor: “Umuwi ka na.”